Mga Produktong Pinapahid para sa Taghiyawat

Panimula

Ang Acne vulgaris, o karaniwang tinatawag na taghiyawat, ay isang karaniwang sakit sa balat. Ang Acne vulgaris ay may iba't ibang etyolohiya, kabilang na ang genetics, pagbabago sa hormones, pamumuo ng mga bakterya, at iba pang dahilan. Ang mga karaniwang lugar ng taghiyawat ay ang mukha, likod, dibdib, at balikat. Sa pangkalahatan, ang mga produktong pinapahid para sa taghiyawat ay gumagana sa pamamagitan ng pagpigil ng pamumuo ng mga bakteryang nagdudulot ng taghiyawat at/o ng kanilang mga keratolytic na katangian, atbp.

Ang mga karaniwang aktibong sangkap sa mga produktong pinapahid para sa taghiyawat

Aktibong Sangkap	Karaniwang Epekto*
Benzoyl peroxide	• Panunuyo, iritasyon, pamumula o pagbabalat ng nilulunasang parte • Pagkasunog, pangangati, o makirot na pakiramdam sa nilulunasang parte
Sulphur	• Iritasyon ng nilulunasang parte at dermatitis
Azelaic acid	• Panunuyo, iritasyon, pamumula o pagbabalat ng nilulunasang parte • Pagkasunog, pangangati, o makirot na pakiramdam sa nilulunasang parte
Salicylic acid	• Panunuyo, iritasyon, pamumula o pagbabalat ng nilulunasang parte
Tretinoin	• Pamumula at pagbabalat ng balat sa simula ng paglunas (maaaring mas maging malinis pagkatapos ng unang buwan ng paggamit) • Ang bahgyang pakiramdam ng pag-init o bahagyang pagkirot ay maaaring maramdaman tuwing matatapos ilagay ang gamot • Ang labis na paggamit ay maaaring magdulot ng pamumula, pagbibitak at pamamaga ng balat
Adapalene	• Panunuyo, iritasyon, pamumula o pagbabalat ng nilulunasang parte • Pagkasunog, pangangati, o makirot na pakiramdam sa nilulunasang parte
Antibiotics: erythromycin, clindamycin, atbp.	• Panunuyo at iritasyon sa nilulunasang parte • Contact dermatitis (mapula, tuyo, at makating balat) na maaaring dulot mula sa iritasyon o allergy • Ang Maaaring magkaroon ng bacterial resistance sa antibiotics

Pangkalahatang Pag-iingat*

- Huwag lalampas sa tagal ng paglunas/ dosis na inireseta ng doktor o rekomendasyon ng parmasyutiko.
- Huwag gamitin kung alam mong mayroon kang hypersensitivity sa ano mang sangkap ng produkto.
- Agad ihinto ang paggamit ng produktong pinapahid sa taghiyawat at kumonsulta sa iyong doktor kung magkaron ng malubhang iritasyon o allergic na reaksyon.

- Kumonsulta sa iyong doktor bego gumamit ng ano mang produktong pinapahid sa taghiyawat kung ikaw ay buntis, nagpaplanong magbuntis, o nagpapasuso.
- Kumonsulta o humingi ng payo mula sa doktor bago gumamit ng produktong pinapahid sa taghiyawat sa mga bata.
- Ang ibang mga produktong pinapahid sa taghiyawat ay maaaring magkaron ng malubhang iritasyon sa eczematous na balat; kumonsulta sa iyong doctor o parmasyutiko kung ikaw ay mayroong eczema.
- Karamihan sa mga produktong pinapahid sa taghiyawat ay maaaring magdulot ng photosensitivity; itigil ang paggamit kung magkaron ng skin erythema (pamumula ng balat).

Karagdagang paalala tuwing gagamit ng produktong pinapahit sa taghiyawat kung ito ay mayroong*:

Sulphur:

- Huwag gumamit ng mga produktong mayroong sulphur kung ikaw ay allergic sa mga gamot na sulfa.

Azelaic acid:

- Kailangang i-monitor ang mga pasyenteng may maitim na kutis para sa maagang senyales ng hypopigmentation habang naglulunas gamit ang azelaic acid.

Antibiotics:

- Ipaalam sa iyong doktor kung ikaw ay may kasaysayan ng hypersensitivity sa antibiotic.

<u>Pangkalahatang Payo sa Paggamit ng mga Produktong Pinapahid sa Taghiyawat</u> *

- Parating sumunod sa tagubilin ng iyong doktor o parmasyutiko; o gamitin ito ng eksakto tulad ng itinuro sa label/ mga insert ng pakete.
- Linisin at tuyuin ang mga apektadong parte bago ilagay ang mga produktong pinapahid sa taghiyawat.
- Iwasan ang paglagay ng benzoyl peroxide sa iyong buholk o damit dahil sa epektong pagbleach nito.
- Iwasang mapunta ito sa mga mata, bibig, mucous membranes, at mga bukas na sugat upang maiwasan ang labis na iritasyon sa balat.
- Hugasan ng maraming tubig sakalling magpunta sa mata. Kumonsulta sa doktor kung magpatuloy ang iritasyon sa mata.
- Gumamit ng broad-spectrum sunscrim na may pinakamababang SPF na 15 upang mabawasan ang antas ng panganib ng sunburn, dahil ang karamihan sa mga

produktong pinapahid sa taghiyawat ay nagpapataas ng pagiging sensitibo ng balat sa sinag ng araw.

- Huwag gumamit ng mga kombinasyon ng produktong pinapahid sa taghiyawat maliban na lamang kung inireseta ng doktor.

Pag-iimbak

Ang mga produktong pinapahid sa taghiyawat ay kailangang maitabi sa isang tuyo at malamig na lugar. Sa pangkalahatan, hindi nila kailangang mailagay sa refrigerator maliban na lamang kung binanggit sa labels ng gamot. Bukod pa rito, ang mga gamot ay kailangang itabi ng maayos sa mga lugar na hindi maaabot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng pag-inom nito.

* Ang mga impormasyons napapaloob dito ay hindi sakop ang lahat ng posibleng epekto, paalala, babala, epekto ng gamot sa iba, allergic na reaksyon, o iba pang masamang epekto.

Tanggapan ng Gamot

Kagawaran ng Kalusugan

Enero 2024